## Implementasyon sa Pagtuturo ng Deped Most Essential Learning Competencies (MELCS) Sa Filipino 10 ng Mga Guro sa mga Paaralang Sekondarya ng Surigao City: Isang Pagtatasa

**Jojames Arnaldo G. Gaddi**[1]
[1]St. Paul University Surigao, Philippines, jojamesgaddi@gmail.com, **ORCID:** 0000-0001-9964-7506

**Abstract:** This study aimed to assess the state of implementation in teaching of Department of Education Most Essential Learning Competencies (MELCS) in Filipino 10 by the teachers in secondary schools in Surigao City. The researcher employed a quantitative-descriptive research design utilizing survey technique. A modified questionnaire were administered to various secondary schools in Surigao City, except for St. Paul University Surigao, where Google Forms were used. The participants of this study are the teachers who teach Filipino 10 in the secondary schools of Surigao City. Frequency Count and Percentage Distribution and Chi-Square Test were used for data analysis and interpretation. The results of the research revealed that in the implementation of Most Essential Learning Competencies in Filipino 10, most of the teachers answered that it has been taught, which means that the competencies are generally implemented in the secondary schools of Surigao City. Additionally, the study found that there was no significant relationship between the variables. However, the highest educational attainment by the teachers is related to teaching listening skills. The researcher recommends that the teachers in the secondary schools of Surigao City should may continue the implementation of the most essential learning competencies in Filipino 10 by the Department of Education.

*Keywords:* Assessment, Learning Competencies, Secondary Teachers, Modified Questionnaire, Listening

**Abstrak:** Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matasa ang istado ng implementasyon sa pagtuturo ng Department of Education Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ng mga guro sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City. Ang mananaliksik ay gumamit ng modified na talatanungan at gumamit din ng isang disiplinang kwantitatibo sa pamamaraang deskriptibong pananaliksik, partikular na ginamit ang sarbey teknik. Isinagawa ang pagbibigay ng mga talatanungan sa iba't ibang sekondaryang paaralan sa Surigao City, maliban sa Pamantasang St. Paul Surigao, kung saan gumamit ng *Google Forms*. Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay ang mga guro na nagtuturo ng Filipino 10 sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City. Ang Frequency Count, Percentage Distribution at Chi-Square Test ay ginamit para sa pag-aanalisa at interpretasyon ng datos. Nakita sa resulta ng pananaliksik na sa estado ng implementasyon sa pagtuturo ng mga layunin para sa Filipino 10, karamihan sa mga guro ang sumagot ng naituro, ibig sabihin na sa pangkalahatan ipinapatupad ang mga kasanayan sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City. Karagdagan, natuklasan sa pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga varyabols. Sa pananaliksik na ito, ang pinakamataas na antas na pang-edukasyong nakamit ng mga guro ay may relasyon sa pagtuturo ng pakikinig gamit ang mga makrong kasanayan sa Filipino 10. Inirerekomenda ng mananaliksik na ang mga guro sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City ay dapat ipagpatuloy ang pagpapatupad ng mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto sa Filipino 10 ng Department of Education.

*Mga susing salita*: Pagtatasa, Kasanayang Pampagkatuto, Sekondaryang Guro, Modified Talatanungan, Pakikinig

### 1. Introduksyon

Ang kasalukuyang krisis sa kalusugan sa buong mundo ay nagdudulot ng malalim na epekto sa pangunahing sistema ng edukasyon dahil humigit-kumulang na 87% ng populasyon ng mag-aaral sa buong mundo, o halos 1.5 bilyong mga nag-aaral, ang naapektuhan ng pagsasara ng paaralan (UNESCO, 2020). Bilang tugon sa kinakaharap sa kasalukuyan, naglabas ang Kagawaran ng Edukasyon ng Most Essential Learning Competencies na gagamitin ng mga paaralan sa pagtuturo gamit ang iba't ibang distance learning modalities (Gaddi et al., 2024). Ito rin ay alinsunod sa DepEd Basic Education-Learning Continuity Plan na ipinapatupad sa mga paaralan upang maipagpatuloy ang pagtuturo at pagkatuto sa kabila ng pandemyang kinakaharap.

Ang Most Essential Learning Competencies (MELCS) ay tinukoy bilang mga kasanayan na kailangan ng isang mag-aaral upang magpatuloy sa mga kasunod na marka, at sa huli ay magkaroon ng isang matagumpay na buhay (DepEd, 2020). Kinilala ang mga kasanayan ito ng Kurikulum at Instruksyon ng DepEd, sa pamamagitan ng Bureau of Curriculum and Development. Ayon sa inilabas na balita ng Manila Times (Azizah et al., 2017), sinabi ni Undersecretary Nepomuceno Malaluan na galing sa K-12 kurikulum ay nag-streamlined ng 5,689 MELCs mula sa 14, 171 o nagkaroon ng 60 porsyentong kaltas. Dadag pa dito, ito ay makakatulong sa kagawaran na pagtuonan sa pagtuturo ang mga pinakamahalaga at

kailangang-kailangan ng mga kasanayan na dapat makamit ng mga mag-aaral, habang inaasahan ang mga hamon sa pag-aaral (Gaddi et al., 2024).

Ang pandemya ay nagdulot ng pagbabago sa sistema ng paghahatid ng edukasyon sa bansa. Mula sa pisikal na silid-aralan lumipat sa modular, online at iba pang modalities sa pagkatuto. Ayon sa pag-aaral ni Onyema et al. (2020) ang pandemya ay nagdulot ng masamang epekto sa akademikong interes at performans ng mga mag-aaral. Naapektuhan rin nito ang kalidad ng pagtuturo, pagkatuto at akademikong tagumpay lalo na sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-aaral. Kahit na ang teknolohiya ay gingamit bilang panlunas ngunit hindi nito kayang palitan ang mahalagang epekto ng harapang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral (Languing et al., 2023). Ito ang mga pagbabagong hatid ng krisis na ito kung saan lahat ng mga mag-aaral ay umaangkop sa bagong kadawyan ng pagtuturo at pagkatuto. Dahil sa mga hamong ito, nagkakaroon ng mga balakid ang mga guro tungo sa implementasyon sa pagtuturo ng DepEd MELCS (Serato et al., 2024)

Sa pag-aaral naman ni Winthrop (2020), isinasaad na ang iba pang suliranin na kinakaharap ngayon ay ang kakulangan sa patas, seguridad at kaligtasan ng mga mag-aaral, ang kalidad ng pagkatuto ay nakompromiso at hindi magandang resulta ng pagtatasa. Sa bagong kadawyan ng edukasyon ay nagkakaroon ng mga isyu sa pagtuturo at pagkatuto kung saan naapektuhan nito ang mga guro. Ang mga suliranin na ito ang nag-udyok sa mananaliksik para gawin ang pananaliksik tungkol sa istado ng implementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ayon sa pagtatasa ng mga guro sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City.

Ito ay may layuning matasa ang istado ng implementasyon sa pagtuturo ng DepEd MELCS sa Filipino 10. Malaman din ang mga kadahilanan kung bakit nasunod ng mahigpit ang mga ito at kung bakit hindi. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Filipino 10. Ito ang napili ng mananaliksik sa kadahilanan na ang mga kasanayang ito ay kinakailangan ng mga mag-aaral sa pagpasok ng Senior Hayskul kaya nararapat naituro ng guro. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay gagamitin bilang batayan para sa pagbuo ng panukalang rekomendasyon.

**2. Layunin ng Pananaliksik**

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay matasa ang istado ng implementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ng mga guro sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City . Layunin din na sagutin ang mga tiyak na layunin:

- matukoy ang profayl ng respondente ayon sa pinakamataas na antas pang-edukasyong nakamit, bilang ng taon sa pagtuturo, bilang ng mag-aaral na tinuturuan sa baitang 10, uri ng paaralan at *teaching modality used*;
- masuri ang istado ng implementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ayon sa pagtatasa ng mga guro sa kasanayang pakikinig, pagbasa, pagsasalita, at pagsulat; at
- malaman ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng istado ng implementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) at profayl ng respondente.

3. **Metodo ng Pananaliksik**

Ito ay isang disiplinang kwantitatibo na gumamit ng pamamaraang deskriptibong pananaliksik, partikular na ginamit ang sarbey teknik. Ang mga respondente ng pag-aaral ay ang mga guro na nagtuturo ng Filipino 10 sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City sa panuruang taon 2020-2021. . Mayroong dalawampu't isa (21) respondente sa pag-aaral na ito. Kinuha ng mananaliksik ang populasyon sa bawat paaralan dahil limitado lamang ang guro na nagtuturo ng Filipino 10. Ang mananaliksik ay gumamit ng modified na talatanungan batay sa Most Essential Learning Competencies sa Filipino 10 na binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay ang profayl ng respondente ayon sa pinakamataas na antas pang-edukasyong nakamit, bilang ng taon sa pagtuturo at bilang ng mag-aaral na tinuturuan sa baitang 10, uri ng paaralan at teaching modality used. Ang ikalawang bahagi ay ang istado ng implementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10. Ang ikatlong bahagi ay ang open-ended ng tanong kaugnay sa ikalawang bahagi. Ang mga kasangkapang istatistikal na ginamit sa pananaliksik ay *Frequency Count*, *Percentage Distribution*, at *Chi-Square Test*.

**4. Resulta at Diskusyon**

Inilahad, sinuri, at binibigyang kahulugan ng kabanatang ito ang mga nakalap na datos. Ang presentasyon ay sumusunod sa pagkakasunud-sunod ng mga suliranin sa pag-aaral.

***Profayl ng Respondente***

Talahanayan 2 ipinapakita ang profayl ng respondente ayon sa pinakamataas na antas pang-edukasyong nakamit, bilang ng taon sa pagtuturo, bilang ng mag-aaral, uri ng paaralan at teaching modality used.

**Talahanayan 2.**

*Profayl ng Respondente*

| Profayl | f (n=21) | % |
|---|---|---|
| Pinakamataas na Antas Pang-Edukasyong Nakamit | | |
| Baccalaureate | 14 | 66.67 |
| Masteral | 6 | 28.57 |
| PhD | 1 | 4.76 |
| Bilang ng Taon sa Pagtuturo | | |
| 1-5 taon | 2 | 9.52 |
| 6-10 taon | 9 | 42.86 |
| 11-15 taon | 3 | 14.29 |
| 15-20 taon pataas | 7 | 33.33 |
| Bilang ng Mag-aaral Tinuturuan sa Baitang 10 | | |
| 1-50 mag-aaral | 7 | 33.33 |
| 51-100 mag-aaral | 4 | 19.05 |
| 100-150 mag-aaral | 5 | 23.81 |
| 150-200 mag-aaral pataas | 5 | 23.81 |
| Uri ng Paaralan | | |
| Pampubliko | 16 | 76.19 |
| Pribado | 5 | 23.81 |
| Teaching Modality Used | | |
| Modular (Print) | 13 | 61.90 |
| Modular (Digital) | 1 | 4.76 |
| Modular (Printed and Digital) | 2 | 9.52 |
| Online | 4 | 19.05 |
| Blended | 1 | 4.76 |

Batay sa pinakamataas na antas pang-edukasyong nakamit, 14 o 66.67% ay baccalaureate, 6 o 28.57% ay Masteral, at 1 o 4.76% ay PhD. Sa bilang ng taon sa pagtuturo ng mga respondente, 2 o 9.52% ang nagsilbi sa paaralan mula isa (1) hanggang limang (5) taon, 9 o 42.86% sa kanila ang nagsilbi ng (6) hanggang sampung (10) taon, 3 o 14.29% ang sumagot ng nagsilbi ng labing-isa (11) hanggang labing-limang (15) taon, at 7 o 3.33% ang nagsilbi ng labing-anim (16) hanggang dalawangpung (20) taon pataas. Ang sa bilang ng mga mag-aaral na kanilang tinuturuan sa baitang 10, 7 o 3.33% ng mga guro ay may mag-aaral na mula isa (1) hanggang limampu (50), 4 o 19.05% ng mga guro ay may mga mag-aaral na nasa limamput isa (51) hanggang isang daan (100), 5 o 23.81% ng mga guro ang may mga mag-aaral na nasa isang daan (100) hanggang isang daan at limampu (150), at 5 o 23.81% ng mga guro ay may mga mag-aaral na nasa isang daan at limampu (150) hanggang dalawang daan (200).

Ayon sa uri ng paaralan, karamihan sa mga respondente ay nasa pampubliko na may 16 (76.19%) habang ang 5 (23.81%) ay nasa pribado. Batay sa teaching modality used ng mga respondente, 13 o 61.90% ay gumagamit ng modular (print), 1 o 4.76% ay gumagamit ng modular (digital), 2 o 9.52% ay gumagamit ng modular (print and digital), 4 o 19.05% ay gumagamit ng online, at 1 o 4.76% ang gumagamit ng blended learning.

***Istado ng Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10***

**Talahanayan 4.**

*Istado ng Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ayon sa Pagtatasa ng mga Guro sa Kasanayan sa Pakikinig*

| Most Essential Learning Competencies | Modular | | | | Non-Modular | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Naituro | | Hindi Naituro | | Naituro | | Hindi Naituro | |
| | f (n=16) | % | f (n=16) | % | f (n=5) | % | f (n=5) | % |
| Pakikinig | | | | | | | | |
| 1. Nasusuri ang tiyak na bahagi ng napakinggang parabula na naglalahad ng katotohanan, kabutihan at kagandahang-asal (F10PN-Ib-c-63) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 2. Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media (F10PN-Ic-d-64) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 3. Nahihinuha ang katangian ng tauhan sa napakinggang epiko (F10PN-Ie-f-65) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 4. Naipaliliwanag ang ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig (F10PN-If-g-66) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5. Naibibigay ang katangian ng isang tauhan batay sa napakinggang diyalogo (F10PN-Ig-h-67) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 6. Naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggan (F10PN-Ii-j-68) | 14 | 87.50 | 2 | 12.50 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 7. Mitolohiya: Nailalahad ng mga pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan (F10PN-IIa-b-71) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 8. Dula: Nailalahad ang kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan sa napakinggang usapan ng mga tauhan (F10PN-IIa-b-72) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 9. Tula: Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula (F10PN-IIc-d-70) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 10. Maikling Kuwento: Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng akda (F10PN-IIe-73) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 11. Sanaysay: Naiuugnay nang may panunuri sa sariling saloobin at damdamin ang naririnig na balita, komentaryo, talumpati, at iba pa (F10PN-IIg-h-69) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 12. Naiuugnay ang mga argumentong nakuha sa mga artikulo sa pahayagan, magasin, at iba pa sa nakasulat na akda (F10PN-IIg-h-69) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 13. Mitolohiya: Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia (F10PN-IIIa-76) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 14. Tula:Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 15. Epiko/ Maikling Kuwento: Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan (F10PN-IIId-e-79) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 16. Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan (F10PN-IIIf-g-80) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 17. Nobela: Natutukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo (F10PN-IIIh-i-81) | 14 | 87.50 | 2 | 12.50 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 18. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw / teoryang pampanitikan na angkop dito (F10PN-IIIh-i-81) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 19. Kailigirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo: Nasusuri ang pagkakaugnay ng mga pangyayaring napakinggan tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng El Filibusterismo (F10PN-IVa-b-83) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 20. Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda (F10PN-IVd-e-85) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 21. Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng karanasang pansarili, gawaing pangkomunidad, isyung pambansa at pangyayaring pandaigdig (F10PN-IVf-90) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |

Paalala: *Ang Most Essential Learning Competencies ay mula sa Department of Education (2016)*

Ipinapakita sa talahanayan 4 ayon sa mga gumagamit ng modyular, 16 o 100% sa mga guro ang sumagot ng naituro ang mga kasanayang *PN1. Nasusuri ang tiyak na bahagi ng napakinggang parabula na naglalahad ng katotohanan, kabutihan at kagandahang-asal, PN2. Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media, PN3. Nahihinuha ang katangian ng tauhan sa napakinggang epiko, PN4. Naipaliliwanag ang ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig, PN5. Naibibigay ang katangian ng isang tauhan batay sa napakinggang diyalogo, PN7. Mitolohiya: Nailalahad ng mga pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan, PN8. Dula: Nailalahad ang kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan sa napakinggang usapan ng mga tauhan, PN9. Tula: Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula, PN14. Tula:Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan, at PN16. Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan.*

Bukod dito, 15 o 93.75% sa mga guro ang sumagot na naituro habang 1 o 6.25% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanayang *PN10. Maikling Kuwento: Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng akda, PN11. Sanaysay: Naiuugnay nang may panunuri sa sariling saloobin at damdamin ang naririnig na balita, komentaryo, talumpati, at iba pa, PN13. Mitolohiya: Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia, at PN15 Epiko/ Maikling Kuwento: Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan.*. Dagdag pa dito, 14 o 87.50% sa mga guro ang sumagot na naituro habang 2 o 12.50% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanayang *PN6. Naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggan at PN17. Nobela: Natutukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo*; 13 o 81.21% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 3 o 18.75% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanyang *PN12. Naiuugnay ang mga argumentong nakuha sa mga artikulo sa pahayagan, magasin, at iba pa sa nakasulat na akda at PN18. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw / teoryang pampanitikan na angkop dito*; 10 o 62.25% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 6 o 37.50% ang sumagot na hindi naituro sa mga kasanayang *PN19. Kailigirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo: Nasusuri ang pagkakaugnay ng mga pangyayaring napakinggan tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng El Filibusterismo at PN20. Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda;* at 9 o 56.25% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 7 o 43.75% ang sumagot ng hindi naituro sa kasanayang PN 21. Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng karanasang pansarili, gawaing pangkomunidad, isyung pambansa at pangyayaring pandaigdig.

Sa kabilang banda, ang mga gumagamit ng non-modyular nagresulta ng 5 o 100% sa mga guro ang sumagot na naituro ang mga kasanayang *PN1. Nasusuri ang tiyak na bahagi ng napakinggang parabula na naglalahad ng katotohanan, kabutihan at kagandahang-asal, PN2. Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media, PN3. Nahihinuha ang katangian ng tauhan sa napakinggang epiko, PN4. Naipaliliwanag ang ilang*

*pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig, PN5. Naibibigay ang katangian ng isang tauhan batay sa napakinggang diyalogo, PN6. Naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggan, PN7. Mitolohiya: Nailalahad ng mga pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan, PN8. Dula: Nailalahad ang kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan sa napakinggang usapan ng mga tauhan, PN9. Tula: Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula, PN10. Maikling Kuwento: Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng akda PN11. Sanaysay: Naiuugnay nang may panunuri sa sariling saloobin at damdamin ang naririnig na balita, komentaryo, talumpati, at iba pa, PN12. Naiuugnay ang mga argumentong nakuha sa mga artikulo sa pahayagan, magasin, at iba pa sa nakasulat na akda, PN13. Mitolohiya: Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia, PN14. Tula:Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78), PN15. Epiko/ Maikling Kuwento: Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan, PN16. Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan, PN17. Nobela: Natutukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo, at PN18. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw / teoryang pampanitikan na angkop dito.*

Bilang karadagdagan, 4 o 80.00 % sa mga guro ang sumagot habang 1 o 20.00% ang sumagot na hindi naituro sa mga kasanayang *PN19. Kailigirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo: Nasusuri ang pagkakaugnay ng mga pangyayaring napakinggan tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng El, PN20. Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda, at PN21. Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng karanasang pansarili, gawaing pangkomunidad, isyung pambansa at pangyayaring pandaigdig.*

**Talahanayan 5.**

*Istado ng Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ayon sa Pagtatasa ng mga Guro sa Kasanayan sa Pagbasa*

| Most Essential Learning Competencies | Modular | | | | Non-Modular | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Naituro | | Hindi Naituro | | Naituro | | Hindi Naituro | |
| | f (n=16) | % | f (n=16) | % | f (n=5) | % | f (n=5) | % |
| Pagbasa | | | | | | | | |
| 1. Naiuugnay ang mga mahahalagang kaisipang nakapaloob sa binasang akda sa nangyayari sa sariling karanasan, pamilya, pamayanan, lipunan at daigdig (F10PB-Ia-b-62) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 2. Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong at binasang mitolohiya. (F10PB-Ib-c-63) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 3. Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda, ang pagiging makatotohanan/di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento. (F10PB-Ic-d-64) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 4. Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga kinaharap na suliranin ng tauhan (F10PB-Ie-f-65) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 5. Napapangatuwiranan ang kahalagahan ng epiko bilang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa. (F10PB-Ie-f-66) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 6. Nakapagbibigay ng mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng binasa. (F10PB-If-g-67) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 7. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw. (F10PB-Ig-h-68) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 8. Nakabubuo ng isang suring-basa sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean. (F10PB-Ii-j-69*) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 9. Naibibigay ang kaugnay na mga konsepto ng piling salitang critique at simposyum. (F10PB-Ii-j-69) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 10. Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig. (F10PB-IIa-b-75) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 11. Nasusuri ang iba't ibang elemento ng tula (F10PB-IIc-d-72) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 12. Nasusuri ang nobela sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw/ teoryang pampanitikan.( F10PB-IIf-77) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 13. Naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento nito. (F10PB-IIf-78) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 14. Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editoryal). (F10PB-IIi-j-71) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 15. Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, internet tulad ng fb, e-mail, at iba pa) (F10PB-IIi-j-79) | 14 | 87.50 | 2 | 12.50 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 16. Nasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa suliranin ng akda, kilos at gawi ng tauhan at desisyon ng tauhan (F10PB-IIIa-80) | 14 | 87.50 | 2 | 12.50 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 17. Nasusuri ang binasang anekdota batay sa: paksa- tauhan, tagpuan, motibo ng awtor, paraan ng pagsula at iba pa. (F10PB-IIIb-81) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 18. Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula (F10PB-IIIc-82) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 19. Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda (F10PB-IIIf-g-84) | 14 | 87.50 | 2 | 12.50 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 20. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda, pagpapatunay ng pag-iral ng mga kondisyong ito sa kabuuan o ilang bahagi ng akda, at pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat ng akda. (F10PB-IVa-b-86) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 21. Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng pagtunton sa mga pangyayari, pagtukoy sa mga tunggaliang naganap, pagtiyak sa tagpuan, at pagtukoy sa wakas (F10PB-IVb-c-87) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 22. Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao, magulang) (F10PB-IVd-e-88) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 23. Natatalakay ang mga kaisipang: kabuluhan ng edukasyon, pamamalakad sa pamahalaan, pagmamahal sa: Diyos, Bayan, Pamilya, kapwa-tao, kabayanihan, karuwagan, paggamit ng kapangyarihan, kapangyarihan ng salapi, kalupitan at pagsasaman-tala sa kapwa, kahirapan, karapatang pantao, paglilibang, kawanggawa paninindigan sa sariling prinsipyo, at iba pa. (F10PB-IVd-e-89) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 24. Naisasaad ang pagkamakatotohanan ng akda sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ilang pangyayari sa kasalukuyan. (F10PB-IVh-i-92) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 25. Nabibigyang-pansinang ilang katangiang klasiko sa akda. (F10PB-IVi-j-94) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 26. Nailalarawan ang mga tauhan at pangyayari sa tulong ng mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama. (F10PB-IVi-j-83) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |

Paalala: *Ang Most Essential Learning Competencies ay mula sa Department of Education (2016)*

Ipinapakita sa talahanayan 5 ayon sa mga gumagamit ng modyular, 16 o 100% sa mga guro ang sumagot ng naituro sa mga kasanayang *PB1. Naiuugnay ang mga mahahalagang kaisipang nakapaloob sa binasang akda sa nangyayari sa sariling karanasan, pamilya, pamayanan, lipunan at daigdig, PB2. Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong at binasang mitolohiya, PB4. Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga kinaharap na suliranin ng tauhan, PB5. Napapangatuwiranan ang kahalagahan ng epiko bilang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa, PB7. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw, PB8. Nakabubuo ng isang suring-basa sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean, PB9. Naibibigay ang kaugnay na mga konsepto ng piling salitang critique at simposyum, PB10. Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig, PB11. Nasusuri ang iba't ibang elemento ng tula, PB12. Nasusuri ang nobela sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw/ teoryang pampanitikan, PB13. Naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento nito, PB14. Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editoryal), at PB17. Nasusuri ang binasang anekdota batay sa: paksa- tauhan, tagpuan, motibo ng awtor, paraan ng pagsula at iba pa.*

Bukod dito, 15 o 93.75% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 1 o 6.25% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanyang *PB3. Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda, ang pagiging makatotohanan/di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento, PB6. Nakapagbibigay ng mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng binasa, at PB18. Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula;* 14 o 87.50% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 2 o 12.50% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanayang *PB15. Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, internet tulad ng fb, e-mail, at iba pa), PB16. Nasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa suliranin ng akda, kilos at gawi ng tauhan at desisyon ng tauhan, at PB19. Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda;* at 10 o 62.50% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 6 o 37.50% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanayang *PB20. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda, pagpapatunay ng pag-iral ng mga kondisyong ito sa kabuuan o ilang bahagi ng akda, at pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat ng akda, at PB21. Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng pagtunton sa mga pangyayari, pagtukoy sa mga tunggaliang naganap, pagtiyak sa tagpuan, at pagtukoy sa wakas.*

Panghuli, 9 o 56.25% sa mga guro ang sumagot ng naituro habang 7 o 43.75% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanayang *PB22. Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao, magulang), PB23. Natatalakay ang mga kaisipang: kabuluhan ng edukasyon, pamamalakad sa pamahalaan, pagmamahal sa: Diyos, Bayan, Pamilya, kapwa-tao, kabayanihan, karuwagan, paggamit ng kapangyarihan, kapangyarihan ng salapi, kalupitan at pagsasaman-tala sa kapwa, kahirapan, karapatang pantao, paglilibang, kawanggawa paninindigan sa sariling prinsipyo, at iba pa, PB24. Naisasaad ang pagkamakatotohanan ng akda sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ilang pangyayari sa kasalukuyan, PB25. Nabibigyang-pansinang ilang katangiang klasiko sa akda, at PB26. Nailalarawan ang mga tauhan at pangyayari sa tulong ng mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama.*

Sa kabilang banda, 5 o 100% sa mga guro na gumagamit ng non-modyular ang sumagot ng naituro sa mga kasanyang *PB1. Naiuugnay ang mga mahahalagang kaisipang nakapaloob sa binasang akda sa nangyayari sa sariling karanasan, pamilya, pamayanan, lipunan at daigdig, PB2. Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong at binasang mitolohiya, PB3. Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda, ang pagiging makatotohanan/di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento, PB4. Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga kinaharap na suliranin ng tauhan, PB5. Napapangatuwiranan ang kahalagahan ng epiko bilang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa, PB6. Nakapagbibigay ng mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng binasa, PB7. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw, PB8. Nakabubuo ng isang suring-basa sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean, PB9. Naibibigay ang kaugnay na mga konsepto ng piling salitang critique at simposyum, PB10. Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig, PB11. Nasusuri ang iba't ibang elemento ng tula, PB12. Nasusuri ang nobela sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw/ teoryang pampanitikan, PB13. Naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento nito, PB14. Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editoryal), PB15. Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, internet tulad ng fb, e-mail, at iba pa), PB16. Nasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa suliranin ng akda, kilos at gawi ng tauhan at desisyon ng tauhan, PB 17. Nasusuri ang binasang anekdota batay sa: paksa-tauhan, tagpuan, motibo ng awtor, paraan ng pagsula at iba pa, PB18. Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula, at PB19. Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda.*

Subalit, 4 o 80.00% sa mga guro na gumagamit ng non-modyular sa pagtuturo ay sumagot ng naituro habang 1 o 20.00% ang sumagot ng hindi naituro sa mga kasanayang *PB20. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda, pagpapatunay ng pag-iral ng mga kondisyong ito sa kabuuan o ilang bahagi ng akda, at pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat ng akda, PB21. Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng pagtunton sa mga pangyayari, pagtukoy sa mga tunggaliang naganap, pagtiyak sa tagpuan, at pagtukoy sa wakas, PB22. Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao, magulang), PB23. Natatalakay ang mga kaisipang: kabuluhan ng edukasyon, pamamalakad sa pamahalaan, pagmamahal sa: Diyos, Bayan, Pamilya, kapwa-tao, kabayanihan, karuwagan, paggamit ng kapangyarihan, kapangyarihan ng salapi, kalupitan at pagsasaman-tala sa kapwa, kahirapan, karapatang pantao, paglilibang, kawanggawa paninindigan sa sariling prinsipyo, at iba pa. PB24. Naisasaad ang pagkamakatotohanan ng akda sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ilang pangyayari sa kasalukuyan, PB25. Nabibigyang-pansinang ilang katangiang klasiko sa akda, at PB26. Nailalarawan ang mga tauhan at pangyayari sa tulong ng mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama.*

**Talahanayan 6.**

*Istado ng Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ayon sa Pagtatasa ng mga Guro sa Kasanayan sa Pagsasalita.*

| **Most Essential Learning Competencies** | **Modular** | | | | **Non-Modular** | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Naituro | | Hindi Naituro | | Naituro | | Hindi Naituro | |
| | f (n=16) | % | f (n=16) | % | f (n=5) | % | f (n=5) | % |
| Pagsasalita | | | | | | | | |
| 1. Naipahahayag nang malinaw ang sariling opinyon sa paksang tinalakay (F10PS-Ia-b-64) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 2. Nailalarawan ang kultura ng mga tauhan na masasalamin sa kabanata (F10PS-Ig-h-69) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 3. Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento (F10PS-IIe-75) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 4. Naipahahayag ang sailing kaalaman at opinyon tungkol sa isang paksa sa isang talumpati (F10PS-IIg-h-71) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 5. Napangangatuwiranan ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo) (F10PS-IIIa-78) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 6. Naipahahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa sarili, panlipunan at pandaigdig (F10PS-IIId-e-81) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 7. Nailalapat nang may kaisahan at magkakaugnay na mga talata gamit ang mga pagugnay sa panunuring pampelikula* (F10PS-IIIh-i-83) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 8. Naisasalaysay ang magkakaugnay na mga pangyayari sa pagkakasulat ng El Filibusterismo (F10PS-IVa-b-85) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 9. Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa pagkamakato-tohanan ng mga pangyayari at tunggalian sa bawat kabanatagian ng mga tauhan (F10PS-IVb-c-86) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |

Paalala: *Ang Most Essential Learning Competencies ay mula sa Department of Education (2016)*

Ipinapakita sa talahanayan 6 sa mga guro ng gumagamit ng modyular sa pagtuturo, 16 o 100% sa kanila ang tumugon ng naituro sa mga kasanayang *PS2. Nailalarawan ang kultura ng mga tauhan na masasalamin sa kabanata at PS3. Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento;* 15 o 93.75% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 1 o 6.25% ang tumugon ng hindi naituro sa mga kasanayang *PS1. Naipahahayag nang malinaw ang sariling opinyon sa paksang tinalakay at PS4. Naipahahayag ang sailing kaalaman at opinyon tungkol sa isang paksa sa isang talumpati;* 13 o 81.25% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 3 o 18.75% ang tumugon ng hindi naituro sa mga kasanayang *PS5. Napangangatuwiranan ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo), PS6. Naipahahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa sarili, panlipunan at pandaigdig, at PS7. Nailalapat nang may kaisahan at magkakaugnay na mga talata gamit ang mga pagugnay sa panunuring pampelikula*;* at 10 o 62.50% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 6 o 37.50% ang tumugon sa hindi naituro sa mga kasanayang *PS8. Naisasalaysay ang magkakaugnay na mga pangyayari sa pagkakasulat ng El Filibusterismo at PS9. Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa pagkamakato-tohanan ng mga pangyayari at tunggalian sa bawat kabanatagian ng mga tauhan.*

Sa kabilang banda, sa mga guro ng gumagamit ng non-modyular 5 o 100% ang tumugon ng naituro ang mga kasanayang *PS1. Naipahahayag nang malinaw ang sariling opinyon sa paksang tinalakay, PS2. Nailalarawan ang kultura ng mga tauhan na masasalamin sa kabanata, PS3. Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento, PS4. Naipahahayag ang sailing kaalaman at opinyon tungkol sa isang paksa sa isang talumpati, PS5. Napangangatuwiranan ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo), PS6. Naipahahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa sarili, panlipunan at pandaigdig, at PS7. Nailalapat nang may kaisahan at magkakaugnay na mga talata gamit ang mga pagugnay sa panunuring pampelikula*.* Dagdag pa dito, 4 o 80.00% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 1 o 20.00% ang tumugon ng hindi naituro

sa mga kasanayang *PS8. Naisasalaysay ang magkakaugnay na mga pangyayari sa pagkakasulat ng El Filibusterismo at PS9. Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa pagkamakato-tohanan ng mga pangyayari at tunggalian sa bawat kabanatagian ng mga tauhan.*

**Talahanayan 7.**

*Istado ng Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competecies sa Filipino 10 ayon sa Pagtatasa ng mga Guro sa Kasanayan sa Pagsulat*

| Most Essential Learning Competencies | Modular | | | | Non-Modular | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Naituro | | Hindi Naituro | | Naituro | | Hindi Naituro | |
| | f (n=16) | % | f (n=16) | % | f (n=5) | % | f (n=5) | % |
| Pagsulat | | | | | | | | |
| 1. Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa napapanahong isyung pandaigdig (F10PU-Ic-d-66) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 2. Naisusulat nang wasto ang pananaw tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng mga epikong pandaigdig; ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino; sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa; at suring-basa ng nobelang nabasa o napanood (F10PU-Ie-f-67) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 3. Naihahambing ang mitolohiya mula sa bansang kanluranin sa mitolohiyang Pilipino (F10PU-IIa-b-73) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 4. Naisusulat nang wasto ang ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa (F10PU-IIa-b-74) | 16 | 100.00 | 0 | 0.00 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 5. Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay (F10PU-IIc-d-72) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 6. Naisusulat ang isang talumpati tungkol sa isang kontrobersyal na isyu. (F10PU-IIg-h-71) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 7. Naisusulat at naibabahagi sa iba ang sariling akda (F10PU-IIi-j-77) | 13 | 81.25 | 3 | 18.75 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 8. Naisusulat ang isang orihinal na komik strip batay sa isang anekdota (F10PU-IIIb-79) | 14 | 87.50 | 2 | 12.50 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 9. Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orhinal na anekdota. (F10PU-IIIb-79) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 10. Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang socila media (F10PU-IIId-e-81) | 15 | 93.75 | 1 | 6.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 11. Naisusulat ang isang talumpati na pang-SONA (F10PU-IIIf-g-82) | 11 | 68.75 | 5 | 31.25 | 5 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| 12. Naisusulat ang buod ng kaligirang pangkasaysayan ng EL Filibusterismo batay sa ginawang timeline (F10PU-IVa-b-85) | 10 | 62.50 | 6 | 37.50 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 13. Naisusulat ang buod ng binasang mga kabanata (F10PU-IVb-c-86) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 14. Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa), gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/ talata (F10PU-IVb-c-86) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 15. Naisusulat ang pagpapaliwanag ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda (F10PU-IVd-e-87) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 16. Naisusulat ang maayos na paghahambing ng binuong akda sa iba pang katulad na akdang binasa (F10PU-IVg-h-88) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 17. Nasusuri ang tauhan na may kaugnayan sa: mga hilig/interes kawilihan/kagalakan/ kasiglahan /pagkainip/ pagkayamot; pagkatakot; Pagkapoot; pagkaaliw/ pagkalibang at iba pa (F10PU-IVg-h-88) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |
| 18. Naisusulat ang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari sa nobela na isinaalang-alang ang artistikong gamit ng may-akda sa mga salitang panlarawan (F10PU-IVi-j-89) | 9 | 56.25 | 7 | 43.75 | 4 | 80.00 | 1 | 20.00 |

Paalala: *Ang Most Essential Learning Competencies ay mula sa Department of Education (2016)*

Ipinapakita sa talahanayan 7 sa mga guro ng gumagamit ng modyular, 16 o 100% sa kanila ang tumugon ng naituro sa mga kasanayang *PU2. Naisusulat nang wasto ang pananaw tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng mga epikong pandaigdig; ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino; sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa; at suring-basa ng nobelang nabasa o napanood, PU3. Naihahambing ang mitolohiya mula sa bansang kanluranin sa mitolohiyang Pilipino, at PU4. Naisusulat nang wasto ang ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa.* Subalit, 15 o 93.75% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 1 o 6.25% ang tumugon ng hindi naituro sa mga kasanayang *PU1. Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa napapanahong isyung pandaigdig, PU9. Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orhinal na anekdota, at PU10. Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang socila media (F10PU-IIId-e-81).*

Bukod dito, 14 o 87.50% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 2 o 12.50% ang tumugon ng hindi naituro sa kasanyang *PU8. Naisusulat ang isang orihinal na komik strip batay sa isang anekdota;* 13 o 81.25% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 3 o 18.75% ang tumugon ng hindi naituro sa mga kasanayang *PU6. Naisusulat ang isang talumpati tungkol sa isang kontrobersyal na isyu at PU7. Naisusulat at naibabahagi sa iba ang sariling akda*; at 10 o 62.50% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 6 o 37.50% ang tumugon ng hindi naituro sa kasanayang *PU12. Naisusulat ang buod ng kaligirang pangkasaysayan ng EL Filibusterismo batay sa ginawang timeline*.

Dagdag pa dito, 9 o 56.25% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 7 o 43.75% ang tumugon ng hindi naituro sa mga kasanayang *PU13. Naisusulat ang buod ng binasang mga kabanata, PU14. Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa), gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/ talata, PU 15. Naisusulat ang pagpapaliwanag ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda, PU16. Naisusulat ang*

*maayos na paghahambing ng binuong akda sa iba pang katulad na akdang binasa, PU17. Nasusuri ang tauhan na may kaugnayan sa: mga hilig/interes kawilihan/kagalakan/ kasiglahan /pagkainip/ pagkayamot; pagkatakot; Pagkapoot; pagkaaliw/ pagkalibang at iba pa, at PU18. Naisusulat ang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari sa nobela na isinaalang- alang ang artistikong gamit ng may-akda sa mga salitang panlarawan.*

Sa kabilang banda, sa mga guro na nagtuturo gamit ang non-modyular 5 o 100% sa kanila ang tumugon ng naituro sa mga kasanayang *PU1. Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa napapanahong isyung pandaigdig, PU2. Naisusulat nang wasto ang pananaw tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng mga epikong pandaigdig; ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino; sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa; at suring-basa ng nobelang nabasa o napanood, PU3. Naihahambing ang mitolohiya mula sa bansang kanluranin sa mitolohiyang Pilipino, PU4. Naisusulat nang wasto ang ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa, 5. Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay, 6. Naisusulat ang isang talumpati tungkol sa isang kontrobersyal na isyu, PU7. Naisusulat at naibabahagi sa iba ang sariling akda, PU8. Naisusulat ang isang orihinal na komik strip batay sa isang anekdota, PU9. Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orhinal na anekdota, PU10. Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang socila media, PU11. Naisusulat ang isang talumpati na pang-SONA, at PU12. Naisusulat ang buod ng kaligirang pangkasaysayan ng EL Filibusterismo batay sa ginawang timeline.*

Bilang karagdagan, 4 o 80.00% sa mga guro ang tumugon ng naituro habang 1 o 20.00% ang tumugon ng hindi naituro sa mga kasanayang *PU12. Naisusulat ang buod ng kaligirang pangkasaysayan ng EL Filibusterismo batay sa ginawang timeline, PU13. Naisusulat ang buod ng binasang mga kabanata, PU14. Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa), gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/ talata, at PU15. Naisusulat ang pagpapaliwanag ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda, PU16. Naisusulat ang maayos na paghahambing ng binuong akda sa iba pang katulad na akdang binasa PU17. Nasusuri ang tauhan na may kaugnayan sa: mga hilig/interes kawilihan/kagalakan/ kasiglahan /pagkainip/ pagkayamot; pagkatakot; Pagkapoot; pagkaaliw/ pagkalibang at iba pa, at PU18. Naisusulat ang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari sa nobela na isinaalang- alang ang artistikong gamit ng may-akda sa mga salitang panlarawan.*

**Talahanayan 8.**

*Kadahilanan na Naituro ang mga Kasanayan*

| Pangunahing Kadahilanan | Frequencies |
|---|---|
| May sinusunod na kasanayan sa pagkatuto | 7 |
| May nakahandang gawain | 7 |
| Kailangan sa Pagtuturo | 3 |
| Nakakatulong sa Mag-aaral | 3 |
| Gumamit ng iba't ibang Estratehiya sa Pagtuturo | 2 |
| Gabay sa Guro | 2 |
| Mahigpit na Pinapatupad | 1 |
| May masusing Pagsubaybay | 1 |
| May badyeting sa oras | 1 |

Sa dalawampu't pitong (27) mga tugon, pito (7) ang nagsulat ng may sinusunod na kasanayan sa pagkatuto, pito (7) ang nagbanggit ng may nakahandang gawain, tatlo (3) ang nagtala na kailangan sa pagtuturo, tatlo (3) ang sumagot na nakakatulong sa mag-aaral, dalawa (2) ang nagsulat ng gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, dalawa (2) ang nagbanggit ng gabay sa guro, isa (1) ang nagtala na may masusing pagsubaybay, at isa (1) ang sumagot na may badyeting sa oras.

**Talahanayan 9.**

*Kadahilanan na Hindi Naituro ang mga Kasanayan*

| Pangunahing Kadahilanan | Frequencies |
|---|---|
| Distance Learning Modality na Ginagamit | 6 |
| Mahinang Internet Connection | 6 |
| Nahihirapan ang mga Mag-aaral | 5 |
| Hindi Naisali o Nagamit sa Paggawa ng Gawain | 4 |
| Kakulangan sa Sanggunian | 2 |
| Limitadong Oras at Panahon | 2 |
| Kakulangan ng Suporta at Gabay ng Magulang | 2 |
| Dumalo sa isang gawaing Pampaaralan | 1 |
| Kahirapan sa Pagpili ng Gawain | 1 |

| | |
|---|---|
| Mahirap Maisakatuparan | 1 |
| Mahirap Hanapin ang mga Mag-aaral | 1 |

Sa labintatlong (30) mga tugon, anim (6) ang tumugon ng dahil sa distance learning modality na ginagamit, anim (6) ang nagsulat ng mahinang internet connection, lima (5) ang nagtala ng nahihirapan ang mga mag-aaral, apat (4) ang nagsabi ng hindi naisali o nagamit sa paggawa ng gawain, dalawa (2) ang sumagot ng kakulangan sa sanggunian, dalawa (2) ang nagbanggit ng limitadong oras at panahon, dalawa (2) ang nagsulat ng kakulangan sa suporta at gabay ng magulang, isa (1) ang nagsabi ng dumalo sa isang gawaing pampaaralan, isa (1) ang sumagot ng kahirapan sa pagpili ng gawain, isa (1) ang tumugon na mahirap maisakatuparan, at isa (1) ang nagtala ng mahirap hanapin ang mga mag-aaral.

**Talahanayan 11.**

*Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Istado ng Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 at Profayl ng Respondente*

| Profile Variables | Dependent Variables | Chi-Square ($X^2$) | df | p-valued | Decision |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pinakamataas na Antas Pang-Edukasyong Nakamit** | Pakikinig | 27.34 | 12 | 0.0069 | Reject $H_o$ |
| | Pagbasa | 3.38 | 10 | 0.9712 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsasalita | 1.29 | 6 | 0.9721 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsulat | 2.96 | 10 | 0.9825 | Do not reject $H_o$ |
| **Bilang ng Taon sa Pagtuturo** | Pakikinig | 14.83 | 18 | 0.6739 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagbasa | 18.74 | 15 | 0.2259 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsasalita | 10.11 | 9 | 0.3416 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsulat | 16.63 | 15 | 0.3414 | Do not reject $H_o$ |
| **Bilang ng Mag-aaral na Tinuturuan sa Baitang 10** | Pakikinig | 15.29 | 18 | 0.6422 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagbasa | 12.34 | 15 | 0.6533 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsasalita | 3.66 | 9 | 0.9322 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsulat | 11.53 | 15 | 0.7145 | Do not reject $H_o$ |
| **Uri ng Paaralan** | Pakikinig | 4.21 | 6 | 0.6480 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagbasa | 6.30 | 5 | 0.2781 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsasalita | 4.92 | 3 | 0.1776 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsulat | 6.97 | 5 | 0.2230 | Do not reject $H_o$ |
| **Teaching Modality Used** | Pakikinig | 24.61 | 24 | 0.4274 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagbasa | 25.17 | 20 | 0.1949 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsasalita | 5.79 | 12 | 0.9264 | Do not reject $H_o$ |
| | Pagsulat | 24.97 | 20 | 0.2028 | Do not reject $H_o$ |

Sa makabuluhang ugnayan ng varyabols na *Pagbasa, Pagsasalita* at *Pagsulat* at ang profayl na pinakamataas na antas pang-edukasyong nakamit, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng varyabols (p-value= 0.9712, 0.9721, 0.9825, ayon sa pagkabanggit). Ito ay nagpapahiwatig ng ang pinakamataas na antas pang-edukasyong nakamit ng mga guro ay walang relasyon sa pagtuturo ng mga kasanayang ito. Naituturo ng guro ang mga kasanayang ito sa kabila ng kanilang pinakamataas na antas ng edukasyong nakamit. Sinang-ayunan naman ito sa pag-aaral ni Horn at Jang (2017), na ang mga may master's degree ay walang mas malaking epekto sa mag-aaral sa pagkamit sa kasanayan sa pagbasa, kumpara sa mga guro na mayroon lamang isang degree na bachelor. Subalit, makikita sa talahanayan na may makabuluhang ugnayan sa varyabol na *Pakikinig* at pinakamataas na antas na pang-edukasyong nakamit (p-value=0.0069). Nangangahulugan nito na may relasyon ang pinakamataas na antas na pang-edukasyong nakamit sa pagtuturo ng pakikinig sa mga mag-aaral. Ang kalidad ng pagtuturo ng kasanayanag ito ay nakadepende sa antas ng edukasyong nakamit.

Sa makabuluhang ugnayan ng varyabols na *Pakikinig, Pagbasa, Pagsasalita* at *Pagsulat* at ang profayl na bilang ng taon sa pagtuturo, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng varyabols (p-value=0.6739, 0.2259, 0.3416, 0.3414, ayon sa pagkabanggit). Ibig sabihin nito na walang relasyon ang bilang ng taon sa pagtuturo kung ang pag-uusapan ay ang pagtuturo ng mga makrong kasanayan. Sinang-ayunan naman ito sa pag-aaral ni Kini at Podol (2016), sa kanilang pananaliksik sinabi na hindi nagpapahiwatig ang tagal sa pagtuturo ay nagpapahusay sa mga guro o ang hindi mahusay ng guro ay pinapahusay, hindi nangangahulugan na sa pagging epektibo ng guro ay sumasabay sa kaniyang karanasan sa pagtuturo. Ang pagging mahusay sa pagtuturo ng kasanayan ay wala sa kung gaano katagal ang isang guro, dapatwa't nasa kung paano niya gustong husayin ang kanyang pagtuturo. Dagdag pa dito, natuklasan rin sa pag-aaral ni Galiza, Nicdao at Guidote (2018) na ang bilang ng mga taon sa pagtuturo ay hindi katumbas ng pagiging isang dalubhasa sa nilalaman sa isang tiyak ng larangan.

Sa makabuluhang ugnayan ng varyabols na *Pakikinig, Pagbasa*, *Pagsasalita* at *Pagsulat* at ang profayl na bilang ng mag-aaral na tinuturuan sa baitang 10, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng varyabols (p-value=0.6422, 0.6533, 0.9322, 0.7145, ayon sa pagkabanggit). Ito ay

nangangahulugan ng ang bilang ng mag-aaral ay walang relasyon sa pagtuturo ng mga makrong kasanayan. Subalit, sa mga pag-aaral ng mga mananaliksik dumating sa isang pangkalahatang kasunduan na ang mas maliit na laki ng klase ay gumagawa ng positibong mga resulta sa panlipunan, emosyonal, at pang-akademiko (Kieschnick, 2018). Samakatuwid, gaano pa kalaki ang bilang ng mag-aaral, naiituro pa rin ito ng guro ngunit ang pagkakaiba lang ay nasa kalidad ng pagtuturo.

Sa makabuluhang ugnayan ng varyabols na *Pakikinig, Pagbasa, Pagsasalita* at *Pagsulat* at ang profayl na uri ng paaralan, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga varyabols (p-values=0.6480, 0.2781, 0.1776, 0.2230, ayon sa pagkabanggit). Nangangahulugan ito na walang relasyon ang uri ng paaralan sa pagtuturo ng mga kasanayang ito. Ayon sa pag-aaral ni Thompson (2017), ang persepsyon ng mga guro ng sukatan ng isang kalidad ng pagtuturo hindi kapareho sa sukatan sa kanilang mga paaralan. Samakatuwid, ang uri ng paaralan ng kanilang kinabibilangan ay hindi nagiging basehan ng mga guro sa pagtuturo ng kasanayang ito sapagkat may sarili silang sukatan ng kalidad ng pagtuturo ng sinusunod.

Sa makabuluhang ugnayan ng varyabols na *Pakikinig, Pagbasa, Pagsasalita* at *Pagsulat* at profayl na *teaching modality used*, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga varyabols (p-values=0.4274, 0.1949, 0.9264, 0.2028, ayon sa pagkabanggit). Ito ay nagpapahiwatig ng walang relasyon ang *teaching modality* ng ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng mga kasanayang ito. Samakatuwid, ang pagtuturo ng mga makrong kasanayan ay wala sa kung anong *modality* sa pagtuturo ang ginagamit. Naipapatupad ng guro ang mga kasanayang ito sa kabila ng *modular*, *online* at iba pang *modalities* sa pagkatuto. Subalit, ang pagsasanay ng guro sa online na paguturo, pinaghalong paraan ng pag-aaral, at pag-aaral ng distansya ay inirerekomenda din upang maiakma sa bagong pormat ng pagtuturo (Toquero, 2020).

## 5. Kontribusyon at Implikasyon ng Pag-aaral

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay pinaniniwalaang makapag-ambag ng kaalaman sa larangan ng pagtuturo sa panahon ng pandemya. Tiyak itong nagbibigay benepisyo sa mga sumusunod:

*Guro.* Ang pag-aaral na ito ay magbibigay kaalaman sa kanila upang mapaigting pa ang impelementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies. Magiging gabay rin sa kanilang mga *enrichment* o interbensyon na gagawin lalo na sa pagtuturo ng asignatura.

*Mag-aaral.* Ang resulta ng pag-aaral ay makakatulong sa mga mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pagkatuto na nakasaad sa DepEd Most Essential Learning Competencies. Ito ay magbibigay rin sa kanila ng pagkakataon na paunlarin ang kanilang mga kaalaman sa kabila ng pandemyang kinakaharap.

*Paaralan.* Ang pag-aaral na ito ay magagamit sa pagpapahusay ng akademikong serbisyo ng institusyon. Dito makabibigay sila ng aksyong nararapat upang mas maging matagumpay ang implementasyon sa pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies.

*Mananaliksik.* Ang pag-aaral na ito ay maaring gamitin sa mga susunod na pananaliksik. Ito ay magiging basehan sa mga pag-aaral tungkol sa DepEd Most Essential Learning Competencies.

## 6. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan mula sa pag-aaral, ang mga sumusunod na mga kongklusyong nakalap:

Ang Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ayon sa kasanayan sa pakikinig, pagbasa, pagsasalita at pagsulat ay naituro sa mga pampubliko at pribadong paaralan ng Surigao City. Ang pinakamataas na antas na pang-edukasyong nakamit ng mga guro ay may relasyon sa pagtuturo ng pakikinig gamit ang DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10.

## 7. Rekomendasyon

Sa pamamagitan ng mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral na ipinakita sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ay ang mga rekomendasyon:

1. Ang mga guro sa mga paaralang sekondarya ng Surigao City ay dapat ipagpatuloy ang pagpapatupad ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 upang maituro pa rin ang mga kasanayan sa kabila ng hamong kinakaharap.

2. Ang mga paaralang sekondarya ng Surigao City ay dapat magbigay ng mga pagsasanay tungkol sa mga estratehiya sa pagtuturo ng mga makrong kasanayan upang mapaunlad ito sa panahon na gumagamit ng distance learning modality.

3. Ang mga namamahala sa bawat paaralang sekondarya ng Surigao City ay dapat pagtuonan ng pansin ang mga kadahilanan kung bakit hindi naituro ng mas mahusay ang mga kasanayan sa pamamagitan ng pagbibigay suporta at interbensyon.

4. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod na pag-aaral:

4.1. Salik na Nakakapekto sa Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 ng mga Guro;

4.2. Ang Pagging Epektibo ng Paggamit ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS) sa Filipino 10 sa Pagtuturong Modyular; at

4.3. Saloobin ng mga Mag-aaral Tungkol sa Implementasyon sa Pagtuturo ng DepEd Most Essential Learning Competencies (MELCS).

**Sanggunian**


1. Azizah A., Susilohadi G. & Sulistyawati H. (2017). The Correlation Between Reading Interest, Grammatical Competence and Reading Comprehension. English Education, 5(2), 210-217. doi: 10.20961/eed.v5i2.36052
2. Baronda, A. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino. JFS Publishing Services, Pasay City, Philippines
3. Basilaia, G., & Kvavadze, D. (2020). Transition to Online Education in Schools during a SARS-CoV-2 Coronavirus (COVID-19) Pandemic in Georgia. Pedagogical Research, 5(4).
4. Brooks, G. & Wilson, J. (2015). Using Oral Presentations to Improve Students' English Language Skills. Kwansei Gakuin University Humanities Review, 19, 199–212.
5. Buitrago Campo, A. C. (2016). Improving 10th Graders' English Communicative Competence Through the Implementation of the Task-Based Learning Approach. Profile Issues in Teachers Professional Development,18(2), 95-110.
6. Cahapay, M. (2020). Rethinking Education in the New Normal Post-COVID-19 Era: A Curriculum Studies Perspective. Aquademia, 4(2). doi:10.29333/aquademia/8315
7. Catoto, J.S. & San Jose, A. E. (2016). Reporting as a Strategy in Facilitating the Communicative Competence of English learners. Social Science Review, 22-33.
8. CHED. (2020). CHED COVID-19 ADVISORY NO. 3. https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/CHED-COVID-2019-Advisory-No.-3.pdf
9. DepEd (2016). K to 12 Filipino-Gabay Pangkurikulum. http://depedbohol.org/v2/wp-content/uploads/2016/03/Filipino-CG.pdf
10. DepEd. (2020). Official Statement Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2020/05/06/official-statement-2
11. Gaddi, J. A., Entendez, C., Angob, W. M., Orillaneda, E. M., Elicano, M. L., Behagan, J. K. M. , Ajoc, S., Peña, A. K., Galvez, B. R. M. (2024). Courseware Development in Education: A Literature Review, *International Journal of Current Science Research and Review*, 7(1), 842-847. https://doi.org/10.47191/ijcsrr/V7-i1-83
12. Gaddi, J. A., Osorio, I. M., Geotina, A., Plaza, S., Orillaneda, E.M., Alentajan, J., & Maarat, J. (2024). Factors Influencing Entrepreneurial Intention of the Senior High School Students, *International Journal of Science and Management Studies (IJSMS),* 7(1), 10-24. https://doi.org/10.51386/25815946/ijsms-v7i1p102
13. Languing, B. J., Ferol, J. M. G., Gaddi, J. A., Sarayan, I. R., Bulay, B. Z., & Sarvida, J. H. G. (2023). Factors affecting Grade 11 students' study habits during the pandemic. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 274-288. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.022
14. Onyema, E. et.al. (2020). Impact of Coronavirus Pandemic on Education. Journal of Education and Practice. 11. 108-121. 10.7176/JEP/11-13-12.
15. UNESCO. (2020). COVID-19 Educational Disruption and Response. https://en.unesco.org/covid19/educationresponse
16. Serato, J. C., Gaddi, J. A. G., Digal, E. S., Labor, M. J. C., Villa, M. C., & Bermudez, Q. L. (2024). Acceptability of coconut meat sisig recipe in St. Paul University Surigao, Philippines. *Current Journal of Applied Science and Technology*, *4*3(3), 33–44. https://doi.org/10.9734/cjast/2024/v43i34358
17. Bangcuyo, N. (2019, May 28). Pagtanggal ng Korte Suprema sa Panitikan at Filipino sa kolehiyo pinal na, The Benildean. https://thebenildean.org/2019/05/pagtanggal-ng-korte-suprema-sa-panitikan-at-filipino-sa-kolehiyo-pinal-na/
18. Winthrop, R. (2020, April 10). Top 10 risks and opportunities for education in the face of COVID-19. Brookings. https://www.brookings.edu/blog/education-plus-development/2020/04/10/top-10-risks-and-opportunities-for-education-in-the-face-of-covid-19